SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 10, 2022, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA


OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 02/10/22
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA


DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |


SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
10 FEB 2022
Sta. Cruz, Laguna


DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 088-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 169-T2021/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 15-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG DALAWANG MILYON APATNARAAN ANIMNAPU'T DALAWANG LIBO LABING ANIM NA PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P2,462,016.80) PARA SA 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) NG BARANGAY GATID, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, ang halagang P2,462,016.80 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at proyektong pangkaunlaran mula sa 20 Bahagdang Kabahagi ng Rentas-Internas ng nabanggit na barangay sa taong 2022;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng Barangay Gatid.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 169-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 15-T2021 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P2,462,016.80 para sa 20 Bahagdang Pondong Pangkaunlaran ng Barangay Gatid, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 10, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
02-08-22